Republic of the Philippines
Department of Health
**FOOD AND DRUG ADMINISTRATION**

**FDA ADVISORY**
**No.** 2023-1543-A

04 JUL 2023

**PARA** : **SA MGA *RETAILER* O NAGTITINDA NG PRODUKTONG HOUSEHOLD/URBAN HAZARDOUS SUBSTANCES**

**PAKSA** : **GABAY PARA SA MGA *RETAILERS* TUNGKOL SA REGULASYON NG MGA ESTABLISYEMENTO AT PRODUKTONG HOUSEHOLD/URBAN HAZARDOUS SUBSTANCES (HUHS)**

---

Bilang *direct source* o direktang pinagkukunan ng mga produktong pangkalusugan para sa mga *consumers* or mamimili, hinihikayat ng Food and Drug Administration (FDA) ang mga *retailers* o nagtitinda na maging maalam ukol sa mga regulasyon sa mga produktong household/urban hazardous substances (HUHS) na nais ibenta sa publiko maging sa tindahan o *online*. Ang mga *retailers*, kasama na ang mga may-ari ng tindahan at mga nagtitinda *online* ay binibigyan ng mga sumusunod na gabay ukol sa mga regulasyon para sa mga establisyemento at produktong HUHS:

Ang mga produktong HUHS ay mga kemikal o hinalong kemikal na ginagamit sa mga lugar kung saan ang mga tao ay nananalagi, naninirahan, naglilibang at nagtatrabaho. Itong mga produktong HUHS ay karaniwang ligtas gamitin kapag ginamit nang naaayon sa nakasaad sa *label o etiketa*. Ngunit, mahalagang malaman na ang mga produktong HUHS ay nagtataglay ng mga katangiang maaring makakalason, makapagdulot ng apoy at pagputok at makapahdulot ng pinsala at sakit sa mga bata. Ang mga halimbawa ng produktong HUHS ay ang mga produktong ginagamit sa paglinis (*cleaners*), pag-alis ng amoy ng mga gamit sa kwarto, bahay, banyo, sasakyan (*room, house, toilet, car deodorizers*) at iba pang establisyemento, mga pandikit (*adhesives*), pintura, pangpanatili ng sasakyan at iba pa.

Ang produktong HUHS ay nasa ilalim ng pangangasiwa ng Center for Cosmetics and Household/Urban Hazardous Substances Regulation and Research (CCHUHSRR) ng FDA na naaayon sa regulasyong isinasaad sa DOH Administrative Order No. 2019-0019 and FDA Circular No. 2020-025. Para sa karagdagang detalye tungkol rito, may isang *brochure* na nakalakip sa advisory na ito. Mahalagang malaman na ang mga tagagawa (*manufacturers*), mangangalakal (*traders*) at distributor (mga mamamakyaw o *wholesaler*, *importer* at *exporter*) ng mga produktong HUHS ay dapat makakuha ng mga sumusunod mula sa FDA:

- **License to Operate (LTO)** para sa kanilang establisyemento *(naging nakamandato ito mula noong 01 Enero 2022)*
- **Certificate of Product Registration (CPR)** para sa kanilang mga produko *(ang CPR para sa produktong HUHS ay kasalukuyang voluntary pa lamang at anumang updates dito ay opisyal na ipapahayag ng FDA)*

Upang tiyakin na ang mga binebentang produkto ay naaayon sa regulasyon na ito at upang makatulong sa tamang pagsasagawa ng mga *business* sa pagbebenta o pag-retail ng mga produktong HUHS, narito ang ilang paalala:

1. Makipagtransaksyon lamang sa mga lisensyadong establisyemento ng produktong HUHS.

2. Gamitin ang *FDA Verification Portal* gamit ang link na ito https://verification.fda.gov.ph, upang malaman kung mayroong lisensya sa FDA ang isang establisyemento.

3. Siguraduhing maayos ang paggamit, pagtabi at pagtapon ng mga produktong HUHS. Isang mahalagang paalala na maaaring magdulot ng masamang epekto sa kalusugan ang maling paggamit ng produktong HUHS. Gamitin ito nang naayon sa itinakdang direksyon at basahing maigi ang babala or *warning* at *cautionary statements* na nakasaad sa *label*.

4. I-report ang kahit anong pagbebenta or reklamo sa mga hinihinalang o pinag-alamang hindi lisensyadong establisyemento ng FDA, magpadala ng e-mail sa info@fda.gov.ph, o tumawag sa CCHUHSRR gamit and hotline na (02) 8857-1900 loc. 8113 o 8107.

Para sa kaalaman ng lahat.

**DR. SAMUEL A. ZACATE**
Director General

DTN: 20230529113417